



Sakit na Coronavirus at Kalusugan ng Ngipin

Impormasyon para sa mga Magulang Tungkol sa Pagbisita sa Klinika ng Dentista

Mahalagang makakuha ng regular na pangangalaga sa kalusugan ng ngipin ang inyong anak. Bago pumunta sa klinika ng dentista, makipag-usap sa pangkat ng dentista tungkol na mga pagbabagong mayroon sila upang mapababa ang panganib ng pagkalat ng sakit na coronavirus (COVID-19) sa mga pasyente at magulang.

Maaaring maging kabilang sa mga pagbabago ng klinika ng dentista ang:

- Pagtawag sa inyo bago bumisita ang inyong anak at pagtatanong ng tungkol sa inyong kalusugan at sa kalusugan ng inyong anak, kabilang ang kalusugan ng kanyang ngipin. Maaari itong muling itanong sa araw ng pagbisita.
- Paglilimita sa bilang ng mga taong bumibisita. Halimbawa, pagkakaroon ng isang magulang lamang sa klinika na kasama ng kanyang anak.
- Pagpapatawag sa inyo sa klinika ng dentista kapag dumating kayo at paghihintay sa sasakyan o sa labas ng gusali bago bumisita.
- Paglilimita sa bilang ng mga pasyenteng titingnan sa klinika.
- Pag-aatas sa mga pasyente at magulang na magsuot ng mask habang nasa gusali.
- Pagkuha ng mga temperatura ng magulang at bata.
- Hindi pagkakaloob ng pangangalaga sa mga batang may lagnat o iba pang mga sintomas ng COVID-19, maliban kung masakit ang ngipin o nasira ang ngipin ng bata.
- Pagsusuot ng mas marami pang pumuprotektang kasuotan kaysa dati, gaya ng mga mask, face shield, at gown.
- Pagdi-disinfect sa silid pagkatapos ng bawat pasyente upang mapababa ang panganib ng pagkalat ng COVID-19.



Ang publikasyong ito ay sinuportahan ng Health Resources and Services Administration (HRSA, Pangasiwaan ng mga Mapagkukunan at Serbisyong Pangkalusugan) ng Department of Health and Human Services (HHS, Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao) ng Estados Unidos bilang bahagi ng taunang gawad na may kabuuang \$1,000,000 na walang pagpopondo mula sa mga hindi pampamahalaang pinagmumulan. Ang impormasyon o nilalaman at mga konklusyon ito ay mula sa mga may-akda at hindi dapat ituring bilang opisyal na patakaran ng HRSA, HHS, o pamahalaan ng Estados Unidos, o ni hindi dapat maipagpalagay na mga pag-eendorso.

Ang publikasyong ito ay hinango sa isang handout na nilikha nang may pagpopondo mula sa Tanggapan ng Head Start.

Binabanggit bilang: Holt K, Lowe B. 2020. *Coronavirus Disease and Oral Health: Information for Parents About Visiting the Dental Office. (Sakit na Coronavirus at Kalusugan ng Ngipin: Impormasyon para sa mga Magulang Tungkol sa Pagbisita sa Klinika ng Dentista)* Washington, DC: National Maternal and Child Oral Health Resource Center.

Sakit na Coronavirus at Kalusugan ng Ngipin: Impormasyon para sa mga Magulang Tungkol sa Pagbisita sa Klinika ng Dentista © 2020 ng National Maternal and Child Oral Health Resource Center, Georgetown University